



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020 - 016
Serye 2020

KAUTUSANG NAG-AATAS NG "COMMUNITY QUARANTINE" AT NAGTATAKDA NG MGA GAMPANIN SA PAGSASAKATUPARAN NG PAG-IINGAT SA CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19) PARA SA KALIGTASAN NG MAMAMAYAN SA BAYAN NG BULAKAN.

Alinsunod sa kumakalat na sakit na CORONAVIRUS 19 (COVID-19) sa buong mundo, ang Bayan ng Bulakan ay bumuo ng panuntunan at mga babala upang makaiwas sa nabanggit na sakit. Kaugnay nito ang pag-adopt sa itinakda ng Proclamation Nos. 929 at 922 (s. 2020), Republic Act No. 11332 at ang Memorandum ni Executive Secretary Salvador C. Medialdea ng Palasyo ng Malacañang.

Ang mga sumusunod na panuntunan ang dapat sundin:

TUNTUNIN 1. Suspindihin ang klase sa lahat ng antas ng paaralang pampubliko at pampribado, simula ika-15 ng Marso hanggang ika-14 ng Abril, 2020.

TUNTUNIN 2. Ipinagbabawal ang lahat ng mga pagtitipon simula sa petsang nakasaad sa Tuntunin 1, tulad ng mga sumusunod:

- a. Araw ng Pagtatapos (Graduation/Moving-Up Ceremony)
- b. Banal na Misa, Prusisyon, Piyesta at iba pang Pangrelihiyong pagtitipon
- c. Mga Palaro (basketball, volleyball at iba pa)
- d. Small Town Lottery (STL), Lotto at iba pang kahalintulad nito
- e. Sabong (Cockfight)
- f. Mga malalaking pulong sa barangay (Barangay Assembly) at iba pang malalaking pagtitipon-tipon ng mga mamamayan
- g. Pag-ibayuhin at pag-ingatan ang pagdalo sa mga namayapa at paglilibing

TUNTUNIN 3. Mahigpit na ipatutupad ang "Home Quarantine" sa lahat ng mamamayan sa nasasakupan ng bayan ng Bulakan. Ang mga barangay ay magtatakda ng sariling "Quarantine Area" na kung saan ay may koordinasyon sa Pambayang Manggamot para sa tamang paggabay.

TUNTUNIN 4. Panatilihin ang "Social Distancing" o ang mga agwat ng bawat tao, upang maiwasan ang pagkahawa-hawa.

TUNTUNIN 5. Pagsuspindi sa pamamasada ng lahat ng mga pampublikong sasakyan tulad ng bus, jeep at traysikel. Ang mga traysikel ay maaring gamitin depende sa pangangailangan ng gagamit kung ito ay gamit upang bumili ng pangunahing pangangailangan (gamot, pagkain).

TUNTUNIN 6. Palakasin ang pagbisita at pagbabantay ng Price Monitoring Council sa mga tinadahan, groserya, pamilihang bayan at iba pang kahalintulad nito, upang mapanatili ang halaga ng pangunahing bilihin, at mabigyan ng nararapat na aksyon ang mga nagsasamantala.

TUNTUNIN 7. Pagbibigay ng kaluwagan ng mga may-ari ng paupahang tahanan (apartment) sa mga umuupa upang mapaglaanan ang mga pangunahing pangangailangan ng kanilang pamilya.

TUNTUNIN 8. Sarado ang lahat ng establisyimento. Maliban sa mga pribadong establisyimento na nagbibigay ng pangunahing pangangailangan tulad ng may kaugnayan sa pagkain at nagsusuplay ng gamot; i.e. pamilihang bayan, supermarket, convenient stores, groserya, ospital, klinika, tindahan ng gamot at pharmacies, mga naghahanda ng pagkain at mga nagdedeliber, water refilling stations, manufacturing at processing plant of basic food products at medicines, bangko, money transfer services, power, energy, water and telecommunications supplies and facilities ay marapat na bukas para sa pangangailangan ng mamamayan.

Ang mga nasabing establisyimento ay bukas lamang mula ika-7:00 ng umaga hanggang ika-7:00 ng gabi.

TUNTUNIN 9. Bawal lumabas ng bahay. Ang maaari lamang lumabas ay ang bibili ng mga basic necessities tulad ng gamot at pagkain.

TUNTUNIN 10. Ang Kautusang ito ay nag-aatas ng pagsuporta sa direktiba ng pamahalaang nasyunal tulad ng pagbibigay ng "advance pro-rated 13th month pay" sa lahat ng Opisyal at Kawani (permanente, kontraktuwal at casual). Gayundin, ipagkakaloob ang suweldo ng mga mabababang kawani ng pamahalaang bayan ng Bulakan.

Idinadagdag din bilang probisyon ng Kautusang ito ang mga inilalabas na direktiba, memorandum, at iba pa ng Kagawaran ng Serbisyo Sibil (CSC), Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Labor and Employment (DOLE).

TUNTUNIN 11. Ang Pamahalaang Bayan ay magtatalaga ng mga skeletal workforce sa mga tanggapan, maliban sa mga Tanggapan ng Punong Bayan, Kalusugan, Municipal Disaster Risk Reduction Management Council (MDRRMO), Municipal Social Welfare and Development Office (DSWD), Philippine National Police (PNP), at Traffic Management

Office na tanging kailangang magpatupad ng Kautusang ito.

TUNTUNIN 12. Ang sinumang lalabag sa itinakda ng Kautusang ito ay papatawan ng kaparusahang administratibo at kriminal base sa itinakda ng Batas Nasyunal at mga lokal na Kautusang Bayan.

TUNTUNIN 13. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-17 ng Marso, 2020 sa Bayan ng Bulakan.



VERGEL C. MENESES
Punong Bayan